ANNEX "E"

TRANSCRIPTION # 1 — Interview w/ Sub-contractor
Tape 2 — 00:06:20 to 06:57:21

Time Code — SOT

0:06:20	Interviewee	:	"Kami ang nagbubuhos dito ma'am, kami and nagbubuhos dito ng haligi ng pantalan."
0:16:08	Maricar	:	"Pano? Anong binubuhos n'yo?"
0:18:07	Interviewee	:	"Yung ... ano ma'am, yung haligi. Parang poste, oo! Kase may tubo 'yan sa loob 'yan ma'am eh. Tapos pag binubusan namin, sa loob at saka sa labas. Pero yung ano, 'yung pormas kasi, hindi aabot sa ilalim, sa ibabaw naka-angat lang 'yung semento eh. Makikita mo sa ilalim, ' yung ano... ano yun, tubo yun sa ilalim, walang semento."
0:40:15	Maricar	:	"Pero, ano 'yung nakikita mo, sabi mo, parang merong mali? Parang minadali?"
0:44:21	Interviewee	:	"Minadali kase, makikita mo, crack 'yung semento pag hindi kumpleto yung mixture ng semento, makikita mo naman.
0:51:25	Maricar	:	"Katulad nung nakita namin sa baba na lumalabas na yung bakal?"
0:54:24	Interviewee	:	"Oo. Hindi na aabot 'yun ng pormas namin. Makita sa inspection siguro na ... ok. Kasi pag mataas, di makikita eh. Mababa lang kase makikita yun eh.
1:05:25	Maricar	:	"So, kasi 'pag low tide, dun makikita. Pag high tide, hindi makikita?" "Hanggang gano naman kababa 'yung low?
1:16:26	Interviewee	:	"Hindi namin maano ma'am ... (words cannot identify) ... eksperto."
1:21:01	Maricar	:	"Pero, anong magiging epekto n'yan kung talagang bumigay 'yan?"
1:24:07	Interviewee	:	"Matagal siguro yan, mga ano 'yan siguro..."
1:26:20	Maricar	:	"Gaano katagal?"
1:28:07	Interviewee	:	"Ewan ko lang ma'am. Di ko lang ma-sure. Baka mali yung sasa-bihin ko."
1:32:15	Maricar	:	"Oo, pero delikado ba 'yan?"
1:33:14	Interviewee	:	"Depende! Kung may ... mga ... kargamento, siguro di naman tatagal yan eh ... kondisyon, di maano, hindi siguradong matibay ma'am.
1:46:18	Maricar	:	"So, 'yung sinasabi mo, ' yung foundation, hindi matibay?"
	Interviewee	:	"Hindi matibay! Kasi kame gumawa n'yan eh!"
1:51:16	Maricar	:	"Ah,ganon! Ano bang ipinagawa sa inyo? Meron bang inutos sa inyo and engineer...?"
1:55:18	Interviewee	:	"May inutos sila. Kasi ano yan ma'am, nung ... ' yung pagbuhos ma'am , yung pagbuhos namin ng semento, isang semento tapos apat na graba at saka 5 ano ... limang buhangin, o apat na buhangin saka limang graba, isang semento. Kasi wala yung inspector. Pag ' yung inspector, tama yung mixture namin, 1 to 3 yun eh."
2:16:00	Maricar	:	"So may mali ba 'dun?"
2:17:24	Interviewee	:	"Mali nga kasi yung ano eh. Yung ano kase namin, 1 to 3 kase yung ano namin. Dapat kasi maganda ano eh, mga ano ba, ano ... ok na timpla, 1 to 3."
2:30:11	Maricar	:	"So kung maganda 'yung halo, maganda 'yung ah... ano dapat?"
2:35:04	Interviewee	:	Maganda ano, 1 to 3. 'Pag wala inspector 1-4 ano ma'am eh, tinitira."
2:41:02	Maricar	:	"ah, anu 'yung 1-4-5?
2:42:28	Interviewee	:	"Isang semento ma'am tapos apat na buhangin at saka limang graba."
2:48:08	Maricar	:	"Yun ang tama?"
2:49:23	Interviewee	:	"Hindi ma'am, mali yun! Pag walang inspector 'yun and tinitira namin."

ANNEX "E-1"

Time Code			SOT
2:54:13	Maricar	:	"So 'yun ba ang ginawa n'yo dito sa Class 4?"
2:55:29	Interviewee	:	"Oo, 'pag walang inspector, tinitira namin, 'yun ang ginagawa namin."
2:59:07	Maricar	:	"Bakit yun ang ginagawa n'yo?"
3:00:09	Interviewee	:	"Ay siguro, nagse-save sila sa mga gamit, sa mga semento."
3:03:17	Maricar	:	"Sino ang nagse-save?"
3:04:11	Interviewee	:	"Yung Golden City."
3:06:25	Maricar	:	"Yan ang inutos sa inyo?"
3:08:20	Interviewee	:	"Oo, inutos samin, ginagawa namin. Kasi pag may inspector ma'am, konti lang buhangin namin, mag 1-3 halo kami."
3:13:27	Maricar	:	"1-2-3, ano yun?"
3:16:11	Interviewee	:	"Isang semento, dalwang buhangin, saka tatlong graba."
3:22:20	Maricar	:	"Pag ganito ba, mas nakakatipid sila?"
3:26:01	Interviewee	:	"Hindi ma'am, yun na nga yung pinaka ok sa trabaho ba ... yung parang ....."
3:31:24	Maricar	:	"Hindi, pero yung ... nakakatipid?
3:34:07	Interviewee	:	"Ayos ayos lang ma'am kase maka-ano sa semento, di masobra sa gastos."
3:41:28	Maricar	:	"Oo pero ba't ganun, eh diba pag 1-4-5 mas madami ngang...
3:44:00	Interviewee	:	"Ewan ko sa kanila ma'am. Siguro, magaling lang sila dumiskarte."
3:47:17	Maricar	:	"Pero talagang ang nasa kalakaran, dapat 1-2-5?
3:49:08	Interviewee	:	"1-2-3 Ma'am, kase matibay eh... isang semento, dalwang buhangin, saka tatlong graba. Eh hindi naman matibay 1-4-5 kasi marami ngang buhangin saka semento, sosobra na eh. Kaya nakaka-save sila sa semento. Kung nakukuha nila, bahala na sila, kung anong diskarte nila.
4:05:04	Maricar	:	"Pero 'yung nakita namin, nakikita n'yo.... Ano magiging epekto nun.... makikita na yung bakal eh?"
4:11:22	Interviewee	:	"Ay ano naman siguro ma'am. Hindi naman siguro... kasi hindi naman kadikit 'yung semento eh. Sobra sa buhangin, tsaka ano eh, graba eh."
4:19:06	Maricar	:	"Pero yung bang epekto, considering na, isang taon pa lang ito?"
4:24:04	Interviewee	:	"Mga dalwang taon matapos, pero hindi naman aabot dalwang taon 'to.
4:29:03	Maricar	:	"Oo, pero dapat ba kung talagang matibay, dapat ganun ang....?"
4:32:02	Interviewee	:	"Makikita mo naman kung matibay... Hindi na nga ... crack ba, hindi mo makikita sa ilalim. Pero kita mo naman, nagka-crack yung ano e, gilid!"
4:39:19	Maricar	:	"So ibig sabihin, hindi matibay?"
4:41:05	Interviewee	:	"Eh hindi matibay!"
4:43:16	Maricar	:	"Dati ka nang gumagawa noh? 'Yung mga nagawa n'yo rito na construction, hindi ganyan?"
4:49:07	Interviewee	:	"Hindi, dito nako...."
4:51:13	Maricar	:	"Ay, first time mo 'to?"
	Interviewee	:	"First time. Oo."
4:52:18	Maricar	:	"Pero, talaga bang contractor ka?"
4:55:04	Interviewee	:	"Sub-contract lang ma'am. Wala namang sinabi sakin eh. Kase nag-hire na sya ng mga taong ano eh, siguro pag nagkadisgrasya o bulilyaso."
5:06:00	Maricar	:	"Pero kasi sinasabi mo, iliang beses na 'tong ni-repair?"
5:09:09	Interviewee	:	"Hindi, nito lang ma'am .... Kasi ano 'to eh, bumabaon eh. 'Yung pumapa-ilalim. Oo, yumuyukod pailalim. Siguro ... batong malaki tapos maliliit yung mga batong gingamit.
5:27:05	Maricar	:	"Ikaw din ba and gumawa nito?"
5:29:09	Interviewee	:	"Sa ano lang kame... sa buhos lang kame."
5:32:19	Maricar	:	"So ilang beses na ni-repair?"

5:36:07	Interviewee	:	"Mga 2....3 siguro ma'am?"
5:38:08	Maricar	:	Ano ginagawa nila kung nire-repair?"
5:43:19	Interviewee	:	"Sa ibabaw, tinatambakan uli nila ng buhangin, tapos inaayos nila yung tiles."
5:48:24	Maricar	:	"Gaano katagal bago bumaba uli?"
5:51:17	Interviewee	:	"Mga umaabot siguro mga apat o limang buwan.. makikita mo diperensya."
5:55:00	Maricar	:	"So kelan lang 'to huling ni-repair?"
5:58:00	Interviewee	:	"Mga .... Siguro mga katapusan ng January, pagkatapos natapos ng February."
6:03:21	Maricar	:	"Bago inaugurate ni Pangulong Arroyo?"
6:05:28	Interviewee	:	"Oo, Pagpunta ni Gng. Arroyo ma'am, hindi pa natapos eh. Nire-repair pa rin eh.
6:12:26	Maricar	:	"Nire-repair pa rin?"
6:13:23	Interviewee	:	"Oo, nire-repair pa rin."
6:14:17	Maricar	:	"Minadali ba yung pag-repair bago dumating si Pangulong Arroyo?"
6:17:11	Interviewee	:	"Yung ano lang naman ma'am ... konti lang, kapraso lang."

TRANSCRIPTION # 2 - TAPE 2 Interview w/ Coastguard Commander
00:12:52:03 to 00:19:22:04

Time Code			SOT
00:12:52:03	Maricar	:	"Aware ho ba kayo ng pagbaba ho ng semento dito, yung pagguho .... lumalabas n aho kasi yung mga bakal. Ano ang impact nya? Ga'no ka-safe ... kung sakali hong problema, ano ang puede n'yong gawin.?
00:13:18:09	Commander	:	"Ah... ah .... (Can't answer the question)
00:13:23:01	Maricar	:	"Sir, unang-una, aware ho ba kayo na ... ilang beses na hong ni-repair itong ....para hong gumuguho. Aware ho ba kayo dito?"
00:13:33:07	Commander	:	"Ah, so far, medyo ngayon ko lang nalaman because to tell you frankly, I'm just newly assigned here as assisstant commander.... So, so far, I inquired to my men who are old-timers on this station kung ano talaga ang pangyayari. And they informed me that there were two times already that this development pier was repaired. And that was before the arrival of President Gloria Arroyo. So, that was the information they gave me to me regarding this what we call ... gradual sinking of the pier."
00:14:30:22	Maricar	:	"Sir, sa tingin nyo, what would be the effect nung gradual sinking?"
00:14:39:06	Commander	:	"Ah depende yan! Syempre kung malaki ang pagka-sink, ang mahirap dyan sa mga vehicles na coming in and going out. Syempre kapag malaki problema sa mga sasakyan yan. Siguro malalaman naman ng PPA yan, They could execute immediate procedure."
00:15:00:06	Maricar	:	"Sir, pero kung patuloy nga po 'yung pag-sink, ano ho ang magiging epekto? Sa mga sasakyan... sa mga taong bumababa dito?"
00:15:04:02	Commander	:	"Syempre, abala yan sa mga tao, para sa akin. Pero alam naman ng taga-PPA yan. Alam naman ng mga users ng pier 'yan na gan'on talaga ang mangyari."
00:15:23:27	Maricar	:	"Pero, bibigay ho kaya yan?
00:15:33:19	Commander	:	"Ah, I could not give a definite observation kung anong result later on. Pero yun lang masasabi ko na nagsi-sink... dahan-dahan, until such time na .... hindi na mag-sink. Kaya lang, this is technical kasi ito. So, siguro the best who could give answer to this defect, siguro 'yung contractor or engineers. May engineer naman ang PPA. Kami dito, parang one of the users lang din dahil... dito sa harap namin, kaya ... kaya ganun na lang.